Tagalog

Vol.43 | 2024.09



Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



## Furuhama's Beach Volleyball Court Admission-free Day

**Magkakaroon ng admission-free day sa beach volleyball court. Libre rin ang pagrenta ng mga kagamitan tulad ng beach ball atbp.**

- Kailan: Oktubre 1 (Martes), 6 (Linggo), 22 (Martes), 2024
  Martes 1:00 pm - 7:00 pm
  Linggo 10:00 am - 4:00 pm
- Saan: Omori Furusato-no-Hamabe Park Beach Area Beach Volleyball Court (1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku)
- Magkano: Libre
- Ilang tao: Maaaring limitahan ang bilang ng tao depende sa sitwasyon.
- Paano mag-apply: Hindi kailangan ng aplikasyon
- Makipag-ugnay sa: Ota Sports Association
  ☎ 03-5748-5400 FAX 03-6410-6955
  E-mail：info@sports-ota.or.jp

## ■Sports Festival ng mga Mamamayan ng Ota City

Magsasagawa ng iba't ibang sports at recreational events sa iba't ibang lugar ng Ota City upang mapalalim ang interes at pag-unawa ng maraming mamamayan ng lungsod tungkol sa sports at mapataas ang kanilang motibasyon na makibahagi sa inisyatiba.

- Kailan: Oktubre 14 (Lunes / Pista opisyal), 2024
- Saan: Mga sports facility, parke, paaralan, atbp. sa Ota City
- Magkano: Libre
- Paano mag-apply: Sa patakaran, hindi kailangan ng paunang aplikasyon. Gayunman, kailangan ng paunang aplikasyon para sa ilan sa mga ito.
- Mag-apply sa: Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.
- Makipag-ugnay sa: Ota Sports Association
  ☎ 03-5748-5400 FAX 03-6410-6955
  E-mail：info@sports-ota.or.jp

(icon) ···· Kailan (icon) ···· Magkano (icon) ···· Ilang tao (icon) ···· Saan (icon) ···· Paano mag-apply (icon) ···· Mag-apply sa (icon) ···· Makipag-ugnay sa

## Impormasyon tungkol sa benepisyong pandagdag sa nakapirming halaga ng pagbawas sa buwis (adjustment benefit)

Nagsimula noong Hunyo ang nakapirming halaga ng pagbawas sa buwis. Kung ang halaga ng binayarang buwis ay hindi aabot sa halagang posibleng bawasan ng nakapirming halaga ng pagbawas sa buwis, ibibigay ng Ota City bilang benepisyo ang halaga ng pagkakaiba. Kailangan ng aplikasyon para makatanggap.

- Para kanino: Mga tao na ang income tax o per income rate ng individual resident tax ay inaasahang hindi aabot sa halagang posibleng bawasan ng nakapirming halaga ng pagbawas sa buwis.
- Halagang ibibigay: Kakalkulahin ang halagang hindi maaaring ibawas kung ibabawas ang nakapirming halaga ng pagbawas sa buwis sa income tax at sa per capita rate ng individual resident tax, pagsasamahin ang dalawa, ira-round up sa unit ng 10,000 yen at ibibigay ang halagang ito.

*Mangyaring kumpirmahin ang mga detalye mula sa website ng Ota City.

Magpapadala ang Ota City ng "sulat ng kumpirmasyon" sa mga nararapat na tumanggap, kaya ipadala pabalik ang sulat ng kumpirmasyon at mga kinakailangang ilakip na dokumento.

Adjustment Benefit Call Center
☎ 0120-785-804

## Sundin ang "Limang Panuntunan para sa Ligtas na Pagbibisikleta"

1. Bilang pangkalahatang tuntunin, magbisikleta sa kaliwang gilid ng kalsada
   Eksepsiyon sa mga sidewalk, bigyang-prayoridad ang mga pedestrian
2. Sa interseksyon, sundin ang traffic lights, pansamantalang huminto, at kumpirmahin ang kaligtasan
3. Buksan ang headlight sa gabi
4. Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang nakainom
5. Magsuot ng helmet

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527



©Ota City

## Tungkol sa pag-iwan at pagtanggal ng mga bisikleta atbp.

Para sa mga bisikleta, kahit na maikling oras lang, mangyaring gamitin ang mga parking area ng bisikleta

Hinihiling ng Ota City na huwag iwan ang inyong bisikleta sa mga pampublikong lugar (kalsada, parke, plaza ng istasyon ng tren, at iba pang lugar bukod sa parking area ng bisikleta) ayon sa ordinansa. Itinakda ng Ota City ang ilang lugar sa harap ng mga istasyon ng tren bilang lugar kung saan ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta ayon sa ordinansa, kaya regular na tinatanggal ang mga bisikleta sa nasabing lugar. Ang tinanggal na bisikleta ay iniimbak sa imbakan nang 30 araw. Mangyaring tandaan na itatapon ang mga bisikletang lumagpas na sa panahon ng pag-iimbak. Lumikha tayo ng ligtas na bayan kung saan nasusunod ang mga patakaran at mabuting asal, at walang iniiwan na bisikleta.

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1390
FAX 03-5744-1527

(Ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta atbp.)

(Imbakan ng mga iniwang bisikleta atbp.)

## Aplikasyon at Konsultasyon para sa Admission sa Nursery School mula Abril 2025

[Aplikasyon para sa Admission sa Licensed Nursery School]

●Para kanino

Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang magulang/tagapag-alaga

●Pamamahagi ng mga kinakailangang dokumento

Ipamamahagi namin ang 2025 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang kinakailangan na form para sa aplikasyon mula Setyembre 25 (Miyerkules) sa lugar na patutunguhan ng aplikasyon. Para sa mga may dayuhang nasyonalidad, kinakailangang kumpirmahin ang kanilang status of residence.

●Pagtanggap sa mga holiday

Tatanggapin sa lugar na patutunguhan ng aplikasyon sa Nobyembre 3 (Linggo) mula 9:00 am hanggang 4:00 pm.

Oktubre 1 (Martes) - Nobyembre 29 (Biyernes), 2024

Nursery Usage Support Section, Nursery Services Division (Counter No. 21, 3F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku)

Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na patutunguhan ng aplikasyon

☎ 03-5744-1280
FAX 03-5744-1715



©Ota City

## Pangangalap ng mga scholarship student na nauukol sa mga papasok sa kolehiyo atbp.

Para sa grant-type at loan-type, parehong kailangan ang pagiging dependent ng magulang/tagapag-alaga na nakatira sa Ota City nang isang taon o higit pa. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan.

Unang bahagi ng Setyembre hanggang unang bahagi ng Nobyembre

**Grant-type** 150,000 yen (isahang pagbabayad bago pumasok sa paaralan)
**Loan-type** Pambansa at pampublikong paaralan: Hindi lalampas ng 35,000 yen bawat buwan, Pribadong paaralan: Hindi lalampas ng 44,000 yen bawat buwan

Welfare Management Division
☎ 03-5744-1245
FAX 03-5744-1520

## Sumailalim sa chest X-ray examination sa pagsusuri sa kalusugan para hindi magkaroon ng sakit na tuberkulosis.

Ang tuberkulosis ay isang sakit na nangyayari kapag pumasok sa loob ng katawan ang mycobacterium tuberculosis. Nitong mga nakaraang taon, dumadami ang mga pasyenteng nasa edad ng kabataan na ipinanganak sa ibang bansa. 75% ng mga bagong pasyente sa edad na 20 - 29 taong gulang ay mga pasyenteng ipinanganak sa ibang bansa. Para sa maagang pagtuklas, mangyaring sumailalim sa regular na chest X-ray examination. Kung nagpagtuloy nang 2 linggo o higit pa ang ubo, plema, lagnat at iba pang sintomas, magpatingin sa mga medikal na institusyon. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.

Infectious Disease Countermeasures Section, Infectious Disease Countermeasures Division
☎ 03-4446-2643
FAX 03-5744-1524



···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## ■ “Presentasyon sa wikang Hapon”



Para sa mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon, nais n’yo bang subukan na gumamit ng mga larawan at video upang ipahayag ang inyong nararamdaman sa wikang Hapon?

◆ Ang mga kwalipikado sa aplikasyon ay mga taong hindi wikang Hapon ang katutubong wika at nalalapat sa alinman sa mga sumusunod

- Naninirahan sa Ota City
- Nag-aaral sa Ota City
- Nagtatrabaho sa Ota City

◆ Ang oras ng pagsasalita kada tao ay humigit-kumulang 5 minuto.

◆ Halimbawa ang mga sumusunod na tema sa pagsasalita.

- Mga naramdaman nang nanirahan sa Japan o Ota City
- Mga bagay na gusto at ayaw sa Japan
- Pagkakaiba ng Japan at sariling bansa
- Mga nais gawin pagdating sa Japan
- Mga problema sa Japan (mga bagay kung saan nais mong tumulong ang mga Hapon), atbp.

Nobyembre 17, 2024 (Linggo)
1:30 pm - 4:30 pm

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)

Libre

10 katao

Mangyaring kumpirmahin ang mga detalye mula sa website.

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982
E-mail：mail@ota-goca.or.jp

## ■ Haneda Airport “SORANOHI (Araw ng Kalangitan)” Festival 2024

Gaganapin ang event na ginugunita ang “SORANOHI (Araw ng Kalangitan)” sa layunin na lalong maramdaman ang pagkapamilyar ng mga paliparan. Kayo ay masisiyahan sa iba’t ibang planning ng mga kumpanya kabilang ang mga airline industry. Inaanyayahan namin kayong pumunta sa Haneda Airport kasama ang pamilya at mga kaibigan sa pagkakataong ito.

Setyembre 28, 2024 (Sabado) 10:00 am - 4:00 pm

- Haneda Airport Passenger Terminal 1, 2, 3 Building
- HANEDA AIRPORT GARDEN (2-7-1 Haneda-Kuko, Ota-ku)

Libre ang pagpasok

Walang limitasyon sa pagpasok

Industrial Promotion Section, Industry Promotion Division
☎ 03-5744-1322
FAX 03-6424-8233
E-mail：kanko@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address　〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Possibleng makita ang back issue ▶